

# Chapter One



“Magandang umaga, magandang dalaga. Ang maganda mong ina, nariyan ba?” ani Monica pagpasok sa gate.

Si Aling Aniceta ang tinutukoy niya, isa sa mga loyal suki niya sa online raket: ang pagbebenta ng kung ano-ano tulad ng damit, accessories, sapatos, pati na mga sweet treats.

Hindi lang niya ito basta suki, ito rin ang major supplier niya ng mga damit na ibinebenta online. Ang accessories at sapatos ay sa Divisoria niya kinukuha, habang ang sweet treats ay siya mismo ang gumagawa.

Maglilimang buwan pa lang niyang katapat-

bahay si Aling Aniceta. Mommy A ang tawag niya rito. Ang pamilya nito ang nakabili ng malaking bahay na nailit sa bangko dahil sa pagkasugarol ng dating may-ari.

“Magandang umaga rin, Ate Monica. Nasa loob si Nanay. Nagluluto,” sagot ng nakangiting si Hannah, ang bunsong anak ni Mommy A. Ito ang nagbukas ng gate, may hawak na walis sa isang kamay.

“Okidok. Derecho na ako sa kusina ng mansion, kung gano’n,” aniya habang bitbit ang leche flan na inorder ng ina nito noong makalawa dahil pauwi na raw ang panganay na anak nitong si Gregorio mula sa labing-isang taong pagdu-Dubai.

Kilala lang niya ang lalaki dahil sa mga larawang naka-display sa bahay ng mga ito. Madalas din itong ikuwento sa kanya ng ginang, kung gaano ito karesponsableng anak. Matalino raw ito at iskolar sa pamantasan, pero nang mamatay sa aksidente ang asawa ni Mommy A ay napilitang tumigil sa pag-aaral para tumulong sa pagtataguyod sa pamilya.

Pero dahil sadyang mataas ang pangarap ay isinabay umano nito sa pagtatrabaho ang pag-aaral ng vocational course. Ang kasunod na

nalaman ni Mommy A ay nag-aasikaso na raw ng papeles ang anak pa-ibang bansa. Bente-uno pa lang daw ito noon pero sadyang malakas ang loob.

“Si Ate talaga. Hindi naman ito mansion,” natatawang sabi ni Hannah habang isinasara ang gate.

“Mansion ito. Wala namang barong-barong na ganito kalaki,” giit niya at inilibot ang paningin sa malawak na bakuran habang naglalakad papasok sa malaking bahay.

May apat na silid iyon sa taas at may two-car garage pa. Sanay na siya sa loob ng bahay kaya wala na siyang ilang kapag naroon.

Tinanguan niya si Dina, ang kasambahay ng mga ito na nagwawalis din sa malawak na bakuran.

Hanga siya sa pagpapalaki ni Mommy A sa mga anak. Kahit na marangya na ang pamumuhay ay maayos at disiplinado ang mga ito. Pamilya angtrato ng mga ito kay Dina na pinag-aaral sa kolehiyo.

“Good morning, Mommy A!” bati ni Monica sa ginang na may hinahalong kung ano sa kawali.

“Good morning, Monica. Dito na kayo

mananghalian mamaya ng mga pamangkin mo, ha,” sabi nito, nilingon siya.

Siya kasi ang naiwang guardian ng dalawang pamangkin, si Adrienne na sampung taon at si Carl na walong taon. OFW ang ate niya, nag-aalaga ng anak ng iba. Siya ang nag-aalaga sa mga anak nito.

Napilitang mangibang-bansa ang ate niya dahil ang magaling nitong asawa, nangibang-bahay na nga, hindi pa maasahang magbigay ng sustento sa mga bata. Wala na ngang kwentang asawa, wala pang kwentang ama.

Mabuti na lang at sinagot na ng pamilya ng bayaw niya ang natitirang balanse sa hulugang bahay na kinuha noon nito at ng ate niya. Doon sila ngayon nakatira ng mga bata.

Nanghihinayang siya sa libreng oras na nasa bahay lang at walang ginagawa kaya nag-isip siya ng raket na pumatok naman. Mayroon na siyang regular customers at buyers na taga-Laguna at Rizal. May resellers na rin siya ng ginagawa niyang matamis.

“Sure, Mommy. Ilalagay ko na po ba sa aparador n’yo ang mga leche flan?” tanong ni Monica. Ang tinutukoy niyang aparador ay ang double door refrigerator ng mga ito.

Nang i-deliver iyon sa bahay ng mga ito ay nakiusyoso siya. Biniro niya si Mommy A na ganoon din kalaki at kaluwag ang dresser niya, pero mas sosyal ang damitan ng mga ito dahil de kuryente pa.

“Sige. Makisuyo na ako, anak,” nangingiting sagot ni Mommy A.

Binuksan niya ang ref at ipinatas sa loob niyon ang mga microwavable na lalagyan.

Naamoy niya ang niluluto ng ginang. “Ang bango naman po niyan, Mommy A. Nakakatakam. Amoy pa lang, masarap na.”

“Gusto mo dito ka na mag-agahan. Sumabay ka na sa amin.”

Kung sakali ay hindi naman iyon ang unang pagkakataon na sasabay siya sa pagkain. Ilang beses na siyang nakikain sa mga ito. Masarap kasi talaga itong magluto ng mga ulam. Siya, sweets lang ang alam. Kapag savory foods ay laging *pacham* ang luto niya. Pachamba-chamba. Minsan masarap, madalas hindi.

Kaya kapag nasa school ang mga bata ay madalas siyang nanonood sa pagluluto ni Mommy A at nakikikain na rin. Kung makukuha niya ang techniques at tamang timpla, hindi na lang sweets ang alam niyang

gawin. Makakapagtayo na siya ng karinderya.

Tamang-tama, may garahe ang bahay ng ate niya. At dahil wala silang kotse, puwede niyang ipa-convert iyon sa maliit na kainan. Tingin niya ay papayag ang kapatid. At kapag napalago niya iyon, kukumbinsihin niya itong umuwi na ng Pilipinas.

Siya ang naaawa at nahihirapan sa sitwasyon nito at ng mga pamangkin niya. Naaawa siya sa mga pamangkin na lumalaking parehas na wala sa piling ang ama at ang ina. Kung makakakita rin lang siya ng ibang oportunidad sa pagkita ng pera na narito lang sa bansa ay gagawin niya.

“Nakakahiya na po iyon, Mommy A. Patanghalian mo na po ako mamaya, paagahan pa ngayon? Sobra na.” Nahihiya siyang makikain ng agahan, pero interesado siya sa niluluto nito. Ang bango talaga, nakakatakam. Gusto niyang matutunan ang recipe at pag-aralan ding lutuin iyon.

“Maano naman. Hindi na iba ang turing ko sa iyo.”

“Magiging manugang na po?” biro ni Monica na ikinatawa nito.

Pagkatapos mailagay ang leche flan ay isinara niya ang ref at pumihit para silipin ang

niluluto ni Mommy A.

“Ay, kamoteng may abs!” Napahawak sa dibdib si Monica.

Sa pintuan ng kusina ay may lalaking nagpupunas ng tuwalya sa buhok, halatang bagong ligo. Naka-shorts lang ito, walang pang-itaas kaya kita niya ang namumutok na muscles sa braso, balikat, at ang katakam-takam na abs.

Bigla, hindi na siya sa niluluto ni Mommy A natatakam. At kahit hindi niya naaamoy, tingin pa lang, alam niyang mabango at masarap. Hindi na rin ang recipe ang gusto niyang pag-aralan, ang lalaki na sa kanyang harapan.

“May papandesal po pala rito, Mommy A,” ani Monica, nilingon ang ginang bago muling ibinalik sa lalaki ang tingin, “Puwede po bang makikape na lang?”

“Ikaw talagang bata ka.” Natawa ang ginang.

Alam niyang hindi ito si Marky, ang ikalawang anak ni Mommy A. Ang katawan ni Marky ay parang katawan lang ni Gregorio sa picture, average body. Hindi malaki ang tiyan pero walang abs.

At nang alisin ng lalaki ang tuwalya sa ulo at tumingin sa kanya ay gayon na lang ang gulat ni Monica. Hindi na kailangang ipakilala

ni Mommy A ang lalaki. Sigurado siyang ito si Gregorio. Ilang beses na niyang natitigan ang litrato nito. Kahit na clean-shaven ito sa mga litrato at ngayon ay hindi man lang nag-abalang mag-ahit, pamilyar pa rin ang makipot na labi at matangos na ilong nito. Maging ang makakapal na kilay at malalantik na pilik-mata na katulad ng mata ni Mommy A.

Nagtataka lang siya. Sa mga pictures na naka-display ay mukhang may micro-nutrient deficiency ito, pero ngayon maskulado!

“Ano’ng nilaklak mo sa disyerto, Gregorio?” hindi napigilang itanong ni Monica. Pero ang ngiting ibinigay niya sa lalaki ay sinuklian lang nito ng kunot-noo.

“Magkakilala tayo? Close ba tayo?”

Aba’t suplado ang loko!

Nabura ang ngiti sa labi ni Monica. At hindi niya napigilan ang pagtaas ng kilay.

“Kilala kita. At malas mo dahil hindi mo ’ko kilala. Hindi tayo close, pero ang pamilya mo, ka-close ko,” may katarayan na ring sagot niya.

Aba! Aba! Aba! At aba pa ulit! Hindi por que macho at gwapo ito ay palalamasin na niya ang kasupladuhan nito.

No puwede! Dehins ubra!



Ipinanganak at lumaki si Monica sa probinsya, pero hindi siya tipikal na probinsyana. Kababayan niya si Rizal, pero hindi siya ang tipong-Maria Clara. Hindi siya mahinhin at tahimik na dalaga. Mas nananalaytay sa dugo niya ang pagiging Katipunera. Hindi siya pasisiil. Over her beautiful face and sexy body!

“Good morning, anak,” bati ni Mommy A sa binata. “Kakain ka na ba? Luto na itong request mo.”

“Sige po,” sabi ng lalaki at lumapit sa lamesa, isinampay ang tuwalyang hawak sa sandalan ng bangko at naupo roon. Ni hindi man lang siya pinansin.

Umangat ang kilay ni Monica. Pinaglandas niya ang kamay sa buhok, inayos ang bangs pagkatapos ay itinulak patalikod ang buhok sa balikat. Feeling commercial model ng shampoo. Ganoon siya kapag naiinis. At naiinis siya sa lalaki.

Hitsura nito!

Oo nga, gwapo, pero maganda naman siya! Marami ring natutulala kapag una siyang nakikita!

Ang paghangang naramdaman kanina ay biglang nabura. Aanhin niya ang gwapo kung

ganito kasuplado? Wala siyang natatandaang ginawa niyang masama rito para tratuhin siya nito nang ganoon.

“Tuloy na po 'ko, Mommy.” Naglakad siya palabas ng kusina.

“Sandali, Monica. Akala ko ba makikikape ka?”

“Hindi na po. Salamat na lang, Mommy A. Matigas po pala ang pandesal.” Hindi na siya interesado. Hindi na siya natatakam. Matigas pala ito, matigas ang mukha.

“Ipapakilala pa kita sa anak ko.” Pinatay na nito ang kalan, lumapit sa dish rack at kumuha ng mga plato. Hahainan nito ang lalaking nakaupo sa kabisera.

Tumigil sa paghakbang si Monica at napalingon ulit sa lalaki na nakatingin din pala sa kanya. Tinaasan niya ito ng kilay, ipinaparating sa tingin na hindi na siya interesado. Pero ang magaling na lalaki, ngumiti lang nang nakakaloko.

Juice kong pineapple na malamig! Ang supladong lalaki, mas makalaglag-panty nang ngumiti!

Supladong pa-fall ang mokong na ito.

Kumibot ang labi ni Monica, ngunit imbes

na gumanti ng ngiti ay pinaglapat niya ang mga labi nang mariin. Hinawi niya nang bahagya ang bangs para makita nito na ang nakataas na kilay ay lalo niyang itinaas.

Pagkatapos siyang supladuhan, bigla siyang ngingitian? Hah! Kung gusto nitong tuluyang malaglag ang panty niya, mag-effort ito! Hindi siya magpapadala sa ngiti.

“Monica, siya nga pala ang anak kong si Goryo.”

Tumango si Monica bago nagkibit-balikat. Alam niya kung bakit gusto ni Mommy A na magkakilala sila nang maayos ng anak nito. Madalas nitong sabihin sa kanya na sana raw ay katulad niyang masipag at maalam humawak ng pera ang mapangasawa ng anak nito. Mas mabuti pa nga raw kung siya na mismo ang magugustuhan ni Gregorio. Tiyak na mapapalago raw niyang lalo ang pinaghirapan ng anak nito.

Tinawanan lang niya iyon noong una. Pero dahil ilang ulit nang sinabi iyon ng ginang sa kanya, sinakyan na lang niya. Kaya naging Mommy A ang tawag niya rito.

“Gregorio, Nay,” sabi nito sa ina.

“Hus! Gregorio, Goryo, ikaw rin iyon.”

Ikinumpas ng ginang ang kamay bago nakangiting bumaling sa kanya. “Siya naman si Monica. ’Yung madalas kong ikwento sa ’yo.”

Sabay na umangat ang dalawang kilay ni Monica. Hindi niya inaasahan iyon. Kung ganoon ay habang inilalako nito sa kanya ang anak, ibinebenta na rin pala siya ni Mommy A sa lalaki?

“Yung babaeng kung ano-anong trabaho ang pinapasok? At kung ano-ano ang ibinebenta para lang magkapera?” Umangat ang sulok ng mga labi ng binata, halatang hindi impressed sa kanya.

Laglag ang panga ni Monica. Aba, talaga naman! Anong akala nito, mukha siyang pera? Hindi ba puwedeng masipag lang siyang talaga?

Nanliit ang mga mata ni Monica. Ganoon ang tingin nito sa kanya? Despues! Makikita ng lalaking ito kung sino siya talaga!

“Judgmental much?” Namaywang pa si Monica.

“Bakit, hindi ba?” balik ni Gregorio, nakakaloko ang ngiti.

Bahagyang ibinaba ni Monika ang kamay na nakakapit sa baywang sa tapat ng pedal pusher na suot niya. Mahirap na, baka may

malaglag na hindi dapat. Letsugas na ngiti kasi iyan, nakakasira ng garter. Nakakagigil!

“Kahit ang *Facebook* followers mo, iyon ang comment, di ba?”

Hindi napigilan ni Monica ang mapaismid. So, ini-stalk siya nito sa *Facebook* at naniniwala sa comments mula sa bashers niya? Hindi man lang siya binigyan ng benefit of the doubt. May judgement kaagad.

“Judgmental ka pala talaga. Malas mo lang kasi nasa point na ako ng buhay ko na kapag may nanghusga sa akin, ipagpi-print ko pa ng criteria for judging.”

“Talaga? Nasaan ang grading sheet? Lalagyan ko na ng score,” hirit ni Gregorio, nakaka-diabetes pa rin ang ngiti.

“Hindi ako na-inform na may judging pala ngayon. Sa susunod, magdadala ako.”

“Okay. Bigyan mo ako kaagad.”

“Antayin mo!”

Hindi na sumagot si Gregorio. Pinagsalikop lang nito ang mga braso sa tapat ng dibdib na lalong nag-emphasize sa biceps nito. Napatingin tuloy roon si Monica at tuluyan nang na-distract.

Letsugas! Bumigay yata ang garter!

“At saka... at saka...” Shit na malagkit, ano

nga ba ulit ang sasabihin niya?

“At saka ano?”

“Agang-aga, pahubad-hubad ka! Mapulmonya ka sana!” Inirapan niya ito bago taas-noong nagmartsa palabas ng kusina.

# Chapter Two



“Good morning, Monica,” bati sa kanya ni Mr. Shen bago pa siya makapasok sa RTW store ni Mommy A.

Si Mr. Shen ang may-ari ng cell phone store na katabi mismo ng damitan ni Mommy A. Sa kabila naman ay ang motor shop dealership na mina-manage ni Marky.

Tuwing Sabado ay umuuwi siya sa mga magulang niya sa Laguna. Dumadaan muna siya sa tindahan ni Mommy A para kunin ang mga pa-order niyang damit, kurtina, bedsheets, pillowcase, at derecho deliver na rin sa mga customers niya na malapit sa mga magulang niya. Sa bahay ng mga magulang

siya nagpapalipas ng gabi habang ang mga pamangkin niya ay nasa lolo at lola ng mga ito sa side ng bayaw niya.

Hinahayaan ng ate niya ang ganoong setup. Pahinga na rin ni Monica sa pag-aalaga sa dalawang bata, at the same time, bonding time ng dalawa sa mga pinsan ng mga ito. Hindi naman por que galit ito sa asawa ay idadamay na ang relasyon ng mga bata sa ibang kaanak. Importante iyon sa development ng mga bata.

Tuwing Linggo ng hapon ang balik niya sa Taytay para sa mga pamangkin na papasok na ulit kinabukasan. Linggo ng gabi ihinahatid ang mga bata.

“Good morning, Mr. Shen,” nakangiting sagot niya.

“Ako kausap anak ko. Ako sabi ’wag hiya ligaw iyo.”

Natawa si Monica. Tatlong buwan na nilang topic ang tungkol sa panliligaw ng anak nito. At sa loob ng tatlong buwan na iyon ay walang ligawan na nangyari.

“Mr. Shen, ayaw talagang manligaw ng anak n’yo. Huwag n’yo na pong pilitin.”

“Hindi! Hindi!” Ikinumpas pa nito ang kamay. “Ikaw gusto akin anak. Iyo mukha



ganda. Mukha maamo.”

Hindi si Mr. Shen ang unang nagsabi niyon. Sa unang tingin ay maamo ang mukha niya. Dahil siguro sa mga mata niya, bilugan ang mga iyon na may malalantik na pilik-mata.

Iyon nga lang, sabi ng mga kaibigan niya, sa unang tingin lang daw. Dahil oras na makausap na siya at maging ka-close, lumalabas daw ang naturalesa niya. Madaldal at maraming alam na kalokohan. Nawawala na raw ang maamong aura na napo-project ng mukha niya sa unang kita.

Napangiti si Monica. “Huwag n’yo na po akong bolahin, Mr. Shen.”

“Hindi! Iyo mukha, plopolsion, tama sukat, halata swelte negosyo. Kaya ako sabi anak, sige ligaw iyo.” Itinuro nito ang anak na si Tim na nakatingin sa kanya. Bigla itong yumuko nang bumaling siya rito.

Filipina ang napangasawa ni Mr. Shen pero mas nangingibabaw ang pagiging Chinese sa features ni Tim. Singkit ang mga mata nito, mataas ang cheekbones, at makinis ang kutis. Hindi masasabing pangit si Tim kaya nagtataka siya kung bakit napakamahiyaan nito. Baka nahihiya sa pamimilit ng ama sa kanya.

Napangiti si Monica. “Kaya ba ninyo pinipilit si Tim na manligaw sa akin? Dahil swerte sa negosyo ang mukha ko?”

Nasabi na rin sa kanya iyon dati ni Mr. Shen. Maganda raw ang proportion ng mukha niya. Pinuri nito pati ang kanyang noo na malaking insecurity niya. Kaya nga lagi siyang naka-bangs. Akalain ba niyang ang malapad na noo pala ay isa sa palatandaan ng mga Chinese kung yayaman o hindi ang isang tao?

*Bongga!*

Magdilang-anghel sana ito.

“Hindi. Ikaw masaya, mabait, at saka masipag. Ikaw bagay akin anak.”

Hindi napigilan ni Monica ang matawa. Talagang seryoso yata ito sa pagrereto sa anak. Naniniwala na siyang talagang nakitaan nito ng swerte ang kanyang mukha.

“Lao, ’wag mo nang ligawan ’yang si Monica para sa anak mo. Huli ka na,” sali ni Mommy A. Hindi niya napansing nasa likod na pala niya ang ginang.

“Good morning, Mommy A,” nakangiting baling ni Monica. Napalis ang ngiti niya nang makita ang lalaking katabi nito.

“Narinig mo, Lao? Mommy na ang tawag sa

akin ni Monica.”

Nagtama ang mga paningin nila ni Gregorio. Nakatitig itong nang matiim sa kanya kaya tinaasan niya ito ng kilay. Umangat naman ang sulok ng mga labi nito.

“Asan na ang criteria for judging?” tanong pa ng tinamaan ng magaling.

Lalo niya itong tinaasan ng kilay. “Sorry, hindi ka nakapasa sa allowed na mag-judge sa ‘kin.”

Nangislap ang mga mata nito. “Kahit itanggi mo pa, alam ko nang pasado ako sa criteria mo first meeting pa lang natin.”

*Shutek talaga!* Nakakagigil. Gusto niyang burahin sa mukha ni Gregorio ang ngiti nito. Nalilimutan niyang hindi niya ito bet kapag nangiti nang ganoon.

“For your information, pasang-awa ka lang. Ngayon, bagsak ka na talaga.” Inirapan niya si Gregorio bago muling ibinalik sa dalawang nag-uusap sa harap niya ang atensyon.

“Kami usap Tim kanina, punta kami bahay Monica. Kami ligaw na.”

Napaangat ang kilay ni Monica. Nakita niyang nakatingin sa kanya si Tim, ngumiti na. Itinaas nito nang bahagya ang kamay at

kumaway sa kanya. Napamaang siya. Iyon ang unang pagkakataong ginawa iyon ni Tim.

Matapos ang inisyal na pagkabigla ay nginitian din niya ang lalaki.

“Sumuko ka na, Lao. Noon ngang wala pa si Goryo ko, pumayag na si Monica na sila nang dalawa, lalo na ngayong narito na ang anak ko.”

Napalingon si Monica sa ginang at di naiwasang mapatingin sa binatang katabi nito. Tumaas ang dalawang kilay ni Gregorio. Ang mga matang matiim na nakatitig sa kanya ay nagtatanong. Inismiran lang niya ito bago muling bumaling kay Mr. Shen.

“Excuse me po. Papasok na po ako.” Itinuro niya ang RTW store ni Mommy A. Kailangan na niyang makuha ang mga order dahil uuwi pa siya sa Laguna.

“Kailan puwede punta iyo?”

“Sasabihan ko na lang po kayo,” ani Monica. Nginitian niya ang matandang lalaki bago bumaling kay Mommy A. “Daanan ko na po iyong mga order ko, Mommy.”

Bago siya nakapasok ay naantala siya ni Marky.

“Nic, pumayag ka na kasi,” sabi nito matapos siyang akbayan, at iginiya siya papasok

sa tindahan.

Sa mga anak ni Mommy A, si Marky ang kaedad niya at noon pa man ay first name basis na ang tawagan nila. At imbes na Monica, Nic ang tawag nito sa kanya. One of the boys daw kasi siya. Batang kanto.

Tumigil siya at nilingon ito. “Makulit ka rin talaga, ano, Macario?”

“Maka-Macario ito,” reklamo nito. “Sige na kasi. Papayag na ’yan,” pangungulit nito na sinundot pa siya sa tagiliran.

Umismid si Monica bago inalis ang braso ng lalaki sa balikat niya. “Hindi ang sagot ko noon. Hindi pa rin ngayon.”

“Nic naman! Seryoso na ako ngayon. Promise!” Nakasunod ito sa kanya.

“Maniwala ako!” sarcastic na sagot niya habang palapit sa counter.

“Good morning, Ate Monica. Mukhang tinanghali ka yata ngayon?” bati sa kanya ni Rebecca, ang bantay sa tindahan.

“Tinanghali rin kasi ang sumundo kina Adrienne.” Iinisa-isa ni Monica ang items na ipinatong ni Rebecca sa counter.

“Nic, please?” untag ni Macky. “Seryoso talaga ako.” Animo’y maamong tuta ito na

nagpapaawa.

“Patunayan mo muna, kasi sa ngayon, hindi ako naniniwala.” Itinaas niya ang kamay at minuwestrahan itong lumayo sa kanya. “Tsupi.”

Kumamot ito sa batok bago tumalikod at lumabas ng tindahan.

Ibinalik ni Monica ang atensyon sa mga items na order niya. Makalipas ang ilang sandali ay may lalaking sumandal sa counter, paharap sa kanya.

“So totoo pala na pati sarili mo, kasama sa paninda. Sabi ni Nanay, maabilidad ka raw, pero sa nakikita ko, oportunistang ka at mukhang handa ka ngang gawin ang lahat sa ngalan ng pera,” anang nakahalukip na si Gregorio.

“Excuse me? Ako ba ang kausap mo?” Itinuro ni Monica ang sarili.

“Oo. Ikaw,” sagot nito, mataman pa ring nakatitig sa kanya.

“At paano mo nasabi iyon?” Sinalubong niya ang tingin ng judgmental na lalaki.

At nahirapan siyang panatilihin ang focus. Kasi naman, hindi maitago ng suot na polo shirt ang muscles nito sa braso. Nakakatuksong pisilin. At cleanly-shaven ang lalaki ngayon. Mamasa-masa ang buhok nito at nalalanghap

niya ang mabangong sabon at scent ng aftershave nito. Nakakahalina itong amuyin.

Masarap pisilin, masarap singhot-singhutin.  
*Pak-tay kang bata ka!*

“Paano ko nasabing oportunist ka? Nakita ko kanina, ini-encourage mo si Mr. Shen at ‘yung anak n’ya,” sagot nito.

Napailing siya. Kung inaakala ni Gregorio na masasaktan o maaapektuhan siya sa panghuhusga nito, nagkakamali ito.

“Eh, ano naman sa ‘yo? Affected ka?” taas-noong tanong niya.

“Naaawa lang ako dun sa mag-ama. Akala ginto, ang ending tanso.” Humilig si Gregorio palapit sa kanya, ibinaba ang mukha palapit sa kanya.

“Hoy! Para sa kaalaman mo, hindi ako gandang tanso! Gandang swerte ako!” Inirapan niya si Gregorio. Kasabay ng pagtalikod ay paghair flip niya, walang pakialam kahit tinamaan ng buhok niya ang mukha nito.

Kailangang may dignidad ang pagtalikod niya.

Bitbit na niya ang plastic bag na pinaglalagyan ng mga order niya.

“Gandang swerte? Talaga?”

Humarap siyang muli kay Gregorio. “Kita mo ’tong mukhang ito?” Itinaas niya ang mukha at hinawi ang bangs. “Itong noong ito? Tingnan mong mabuti, Mister!”

“Kita ko nga, Miss. Ano’ng meron d’yan maliban sa mukhang paliparan?” Lumapit pa ito at tinitigan ang noo niya.

Inayos ni Monica ang bangs habang nanliliit ang mga mata kay Gregorio.

*Shutek!* Paano niya pananatilihin ang inis sa lalaki kung ganoon ito ngumiti? Oo nga’t halatang nag-aasar, kaso pinaghalong asar at pagkaakit ang nararamdan ni Monica.

Huminga siya nang malalim. Kung kailan kailangan, saka siya nakasuot ng ordinary bra. Nakakainis. Akalain ba niyang may haharapin pala siyang dibdibang laban ngayon! Lesson learned. Always be prepared. Sa susunod na paghaharap nila ni Gregorio, may ipagmamalaki na siyang iba para hindi nito mapansin ang landing strip niya.

“Hoy, para sa kaalaman mo, hindi ko kailangang ilako ang sarili ko. Talagang bet ako n’un dahil aasenso raw ako. Magkakamal ng salapi!”

“Parehas pala kami ni Mr. Shen na may



interesanteng nakita sa noo mo,” nakangiting sagot ni Gregorio. “Pero magkaiba kami ng paniniwala.” Bago tumalikod ay sumaludo pa sa kanya ang binata.

Iniisip niya kung ano kaya ang nakita ni Gregorio sa kanyang noo. Napalington siya kay Rebecca.

“Becks, may pimple ba?” aniya, itinaas ang bangs.

“Wala, Ate. Makinis na makinis. Huwag mong intindihin ’yong si Kuya. Baka gusto lang magpapansin sa ’yo,” sagot nito.

Nagpapapansin? Ang judgmental na iyon?

Akala ng lalaking iyon! Sa susunod, gagantihan niya ito.

Hamunin na nito ang lasing, huwag lang siya. Palaban siya at hindi basta-basta. Kung may pabs ito, may alas din siya!

# Chapter Three



“Mommy A, I need your words of wisdom,” ani Monica habang chini-check ang mga items na iuuwi niya sa Laguna.

“Anong maitutulong ko, anak?”

“Gusto ko pong gumawa ng banner sa online store ko. Dapat po ’yung kakaibang tagline. ’Yung catchy, ’yung may magandang meaning. Parang katulad sa *Jollibee*, ‘*Bida ang saya!*’ Tipong ganoon po.”

“Iyang mga kabataang iyan ang tanungin mo. Kapag ako ay sinaunang kasabihan ang sasabihin ko sa iyo.”

“Oo nga naman. Dapat for millennial ang

tagline ko.”

“Millennial ka ba?” tanong ni Marky, bagong pasok sa tindahan. Derecho ito sa counter kung nasaan siya. Ang kapatid nitong si Hannah ay may kaharap na laptop at si Rebecca ay panay ang pindot sa calculator. Nakabukas sa harapan ng mga ito ang passbook, ledger, at ang disbursement logbook ng tindahan. Iniabot ni Marky sa kapatid ang passbook, ledger, at disbursement logbook na may nakasulat na motor shop.

“Millennials ang target market ko. Kailangan kong makibagay sa kanila. Ikaw, Marky, since magaling kang mambola, mag-suggest ka nga.”

Humarap sa kanya ang lalaki, “Hmm... Ang sexy mo, Nic. Ngayon ko lang napansin.”

Umismid siya. Alam na niya kaagad kung ano ang agenda nito. “Ako’y tigilan mo, Macario. Tagline ang kailangan ko, hindi ’yang boladas mo.” Umiling siya.

“Maka-Macario ito,” reklamo ni Marky. “Ano ba kasi’ng dapat kong gawin para pumayag ka?”

“Marky, bumalik ka na sa shop. Si Andy lang ang bantay roon,” ani Gregorio, salubong ang mga kilay.

Bumuntong-hininga si Marky. “Saglit na

lang, Kuya.”

“Wala ka namang gagawin dito. At nag-usap na tayo noong nakaraan, di ba?” balik ng kuya nito.

Lumapit muna sa kanya si Marky at bumulong, “Kinausap ako n’yan. Binalaan. Iwasan daw kita. Ano ba’ng ginawa mo kay Kuya? May gayuma ’yung leche flan, ano? Umamin ka.”

Natawa si Monica bago gumanti ng bulong, “Kumain ka rin siguro kaya biglang tinamaan ka ng alindog ko. Kontra-gayuma, gusto mo?”

Ang lakas ng halakhak ni Marky. “Sige, mamaya, pupunta ako sa inyo.”

Bumaling siya sa dalawang babae. “Kayo, Becks, Hannah, any suggestion?”

“Parang *‘We find ways’*, Ate?” ani Hannah.

May naalalang issue si Monica na nagpipilit sumira sa magandang mood niya, pero kaagad iyong ibinalik sa kasuluk-sulukang bahagi ng kanyang isip. Wala siyang planong paapekto sa walang kwentang issue. Nakaraan na iyon, iiwan na niya roon.

“Gusto ko wholesome. Ayaw ko ng motto na may double meaning.”

“Double meaning ba ang motto ng *BDO*?”

tanong ni Rebecca.

“Hindi mo alam, Rebecca?” tanong ni Gregorio. Pinalipat nito si Marky sa motor shop, pero naiwan naman ito roon? “Applicable iyon sa mga third party.”

“Ah, sa mga kabit na gagawin ang lahat, makasingit at makasira lang ng relasyon ng iba,” balewalalng dugtong ni Hannah.

“Iyon ang double meaning n’un, di ba, Monica?” klaro ng binata.

Itinigil niya ang ginagawa at tumingin sa lalaki na nakatitig sa kanya. Mukhang mainit ang ulo nito, pero guwapo pa rin ang tinamaan ng magaling. Wala siyang suutan. Nakangiti, nakasimangot, seryoso, galit—nanganganib ang garter niya.

Nakakalimutan niya ang nakapaskil na babala sa pinto ng kanyang kwarto: *Hindi ko bet si Gregorio!*

“Sa *Metrobank*, motto na puwede sa sugar daddy o sugar mommy,” patuloy ni Hannah.

“Kaya dapat katulad ko ang tagline ko, agaw-pansin pero wholesome pa rin,” ani Monica sa masiglang tinig.

“Wholesome? Ikaw?”

Napalingon muli si Monica sa binata.

Kanina pa niya ramdam na pinagmamasdan siyang mabuti nito. Wala siyang planong magreklamo dahil iyon talaga ang plano niya. Hindi siya magsusuot ng low waist jeans, off-shoulder blouse, at wonderful push-up bra kung wala lang.

“Okay. Sige, dahil may kontrapelo, hindi ko na ipipilit ang wholesome. Agaw-pansin na lang.”

Huwag lang itong magkakamaling itanggi iyon! Alam niyang nakuha na niya ang pansin nito. Tititigan ba siya nito nang ganoon kung hindi?

“Parehas hindi applicable sa ’yo ang dalawang salitang iyon. Huwag mo nang ipilit,” ani Gregorio.

“Talaga?” Hinarap niya ito. Labas ang makinis at maputi niyang puson. Tinanggal niya sa pagkaka-bun ang buhok at sadya pang ginulo iyon. Ang bangs lang niya ang sinigurado niyang maayos.

Kumunot ang noo ng lalaki, tila naguluhan sa inaakto niya, pero hindi nito magawang ihiwalay ang tingin sa kanya. Unti-unting gumihit ang ngiti sa mga labi ni Monica.

Lumakad siya palapit kay Gregorio, animo’y

model na naglalakad sa catwalk, tipong *Victoria Secret's* angel. Tumigil siya ilang pulgada mula rito, bahagyang iniyuko ang mukha, tiningnan ito sa namumungay na mga mata bago nag-quarter turn, tumalikod, nag-hairflip at saka tuluyang umikot paharap muli sa lalaki. Binigyan niya ito ng flying kiss at kindat.

“Nakuha ko naman siguro ang pansin mo, di ba?”

Naghagikhan sina Hannah at Rebecca. Maging si Mommy A ay natawa. Si Gregorio ay nanliit ang mga mata, pero hindi nagsalita. Muli lang nitong pinasadahan ng tingin ang kabuuan niya.

“Kulang pa? Isa pa ba?” Inayos niya ang nakalugay na buhok. At dahil sa pagtaas ng mga kamay niya ay lalong umangat ang damit niya.

Nahigit si Gregorio ang hininga at umigting ang panga nito. Inilagay nito ang mga kamay sa harapang bulsa ng pantalong maong.

Nang magtama ang mga mata nila ay gayon na lang ang lapad ng ngiti ni Monica. Dagli niyang ibinaba ang tingin sa tapat ng zipper ng pantalon nito bago muling tumingin sa mga mata ng binata.

“Malamig na tubig, kailangan mo?” Kinagat

niya ang ibabang labi at kinindatan ito.

Naglapat nang mariin ang mga labi nito. Ang mga mata nito ay tila naglalabas ng mumunting apoy.

Yumuko ito, inilapit ang mukha sa kanya at bumulong, “Tagline ang kailangan mo, di ba? Meron ako. Hindi puwedeng seryosohin, pero puwedeng paglaruan. Masarap gawing libangan.” Umangat ang sulok ng mga labi ng lalaki at muling pinasadahan ng tingin ang kabuuan niya bago siya tinitigan sa mga mata. Hindi nito sinubukang itago ang pagnanasa, pero nababakas din sa mga mata nito ang panghuhusga.

Imbes na ma-offend ay hindi niya napigilan ang pagtawa. Kung inaakala ni Gregorio na masasaktan siya sa sinabi nito, nagkakamali ito. Mas masakit na salita pa ang natanggap niya dati.

At naririnig hanggang ngayon.

Kaya nga ipinagkikibit-balikat na lang niya ang mga bagay na iniinyakan pa niya noon.

What doesn't kill you only makes you stronger, iyon ang isa pang motto niya.

Itinaas niya ang mukha. “Only if the price is right,” pabulong na sagot niya rito.



“Name your price,” sagot ng binata, at lalong inilapit ang mukha sa kaniya.

Umismid si Monica. “May nakabili na sa akin, euro ang pera. Kung may dollars ka at mas malaking bank account, iiwan ko siya, maserbisyuhan lang kita.” Kinindatan niya ito bago tinalikuran.

Nang makalayo rito ay saka lang siya maayos na nakahinga.

“Ate, bagay talaga kayo ni Kuya,” ani Rebecca nang makalabas sa store si Gregorio.

“May spark!” segunda ni Hannah.

“Napansin ko rin ’yon,” sali ni Mommy A. “Nagtatalo pa kayo nang lagay na ’yan. Paano na lang kapag nagmahalan na kayo?”

“Mommy A! Nagmahalan talaga?”

“Basta! Kung ikaw ang mamanugangin ko’y walang problema sa akin.”

Kung alam lang ni Mommy A ang ibinulong sa kanya ng anak nito kanina. Gusto nga siya ng lalaki, gustong paglibangan. *Laruan*. Iyon ang tingin ng anak nito sa kanya.

Napailing si Monica. Kaysa isipin si Gregorio ay mas mabuting magtrabaho na lang siya.

“Ay, muntik ko nang makalimutan.” Binuksan niya ang bag, inilabas ang isang box, at

inabot kay Mommy A. “Kwintas, hikaw, at sing-sing po ’yan na order ni Tita Norma. Pabigay na lang po sa session n’yo mamaya.”

“Kailan ka ba babalik sa pagsu-zumba? Nami-miss ka na nila,” ani Mommy A habang inilalagay sa shoulder bag nito ang box.

Napangiti siya nang maalala ang mga kasama sa zumba session sa plaza. Literal na may pa-zumba si Mayor sa mga constituents nito. At sinasamantala niya iyon. Ang mahal kaya ng membership sa gym. Oo nga, fitness is life, but money is lifer. So kung may free para masigurong fit and healthy, doon siya siyempre.

Pero dahil nga money is lifer, inuuna niya ang pagraket. Bukod sa pa-order na ube halaya at leche flan, may mga yema cake at puto rin siyang ginawa. Tuloy, dalawang linggo na siyang hindi nakaka-attend sa zumba session. Miyerkules at Sabado ang schedule ng zumba, pero umuuwi siya kapag weekend, tuwing Miyerkules lang siya nakakasama sa session.

Alam niyang hinahanap na siya ng mga tita at mga lola na kasama niya sa zumba. Nag-chat na nga sa kanya si Tita Norma. Kailan daw siya babalik. Nami-miss na raw ng mga ito ang kalokohan niya. Maging ang instructor nilang

si Miss Toni ay nagtatanong na rin daw kung bakit two weeks na siyang wala.

“Sa Wednesday, a-attend na po ako. Ikumusta n’yo na lang po ako sa kanilang lahat.”



“Tita Monica, may tao po sa gate. Hinahanap ka po,” ani Adrienne.

Nailagay na niya ang huling *Ilanera* sa steamer at tinakpan iyon. May panibagong order siya ng leche flan kaya pagkasundo sa mga pamangkin sa school ay inumpisahan na kaagad niyang gawin iyon.

“Sino? Kilala mo ba?”

“Hindi po, Tita. Dalawang lalaki po, matanda’yung isa.”

Napakunot-noo si Monica. Paglabas niya sa gate ay ang mag-amang Mr. Shen at Tim pala ang bisita niya. May dalang bulaklak at box na kulay pula. Tikoy.

Oo nga at hapon na, pero maliwanag pa. Hindi pa tuluyang lumulubog ang araw, nanliligaw na ang mag-ama. Hindi niya napigilan ang mapangiti.

Mula noong nagkita sila ay hindi pa sila muling nakapag-usap ni Mr. Shen. Ang totoo, wala talaga siyang planong papuntahin ang

mga ito sa bahay ng ate niya.

“Good afternoon, Monica,” ani Mr. Shen. Si Tim na nasa tabi nito ay nakangiti lang sa kanya.

“Good afternoon, Mr. Shen, Tim. Napasyal po kayo?” nakangiting sagot niya pagbukas ng gate.

Umangat ang kilay niya nang makita ang lalaking palabas sa katapat-gate nila. Nakatingin ito sa kanila. Naka-basketball jersey si Gregorio. May hawak pang bola. Pero imbes na isara ang gate at tuluyang umalis ay sumandal ito sa pader paharap sa kanila. Bumaling siya sa mag-ama.

Malayo sa main road ang kalye nila kaya madalang ang sasakyang dumadaan doon. May kaliitan din iyon, pang one-way lang kaya maririnig ng lalaki sa tapat-bahay ang anumang sasabihin ng mga bisita niya.

“Di ba ako sabi iyo ligaw Tim?”

“Ah. Pasok po,” imbita niya.

“Ako hindi pasok. Ako sama lang akin anak punta iyo. Balik ako tindahan,” sabi ni Mr. Shen, at iniabot sa kanya ang box ng tikoy na hawak. “Pasalubong ko iyo.”

“Salamat po, Mr. Shen.” Nginitian niya ito bago inabot ang tikoy.

“Sana iyo gusto espesyal tikoy. Iyan pabili ko

pa *China Town*.”

“Opo. Pero sana hindi na po kayo nag-abala. Ayos lang kahit walang pasalubong,” ani Monica. Ang totoo, hindi siya talaga fan ng tikoy. Mas gusto niya ang kalamay.

“Sige, ako alis na. Ikaw sagot akin anak, ha.”

Natawa si Monica. “Basta po nagtanong siya, sasagutin ko. Puwede pong oo, puwede ring hindi.”

“Huwag hindi,” ani Mr. Shen. “Iyo sagot siya oo lang.”

Natawa lalo si Monica. “Tingnan ko po muna kung mabait siya.”

“Mabait akin anak,” ani Mr. Shen. Tinapik pa nito sa balikat si Tim bago tuluyang tumalikod.

“Ang tanong, ’yung liligawan ba ay mabait din?” sabat ng lalaking nakasandal sa tarangkahan sa kabilang bahay.

“May sinasabi ka?” tanong dito ni Monica. Iniiwas niya ang mga mata sa biceps nito.

Bata pa lang si Monica ay hindi na siya mahilig sa basketball o sa kahit na anong sports. Pero pumupunta pa rin siya sa mga interbarangay na liga noon. Hindi para tumunganga sa mga players, kundi para magtinda ng ice candy o kaya ay mani sa mga manonood. Kesa

maubos ang oras sa pagtunganga sa panonood sa mga lalaking nag-aagawan sa iisang bola, mas gusto niyang magbilang ng mga kinitang pera.

Pero kung kailan pa siya tumanda, saka yata biglang nag-iba ng interes niya. Parang gusto niyang pumunta sa basketball court ngayon, hindi para magtinda, kundi para tumunganga.

Aba! Kung ganito kapogi ang aagaw sa iyo, nanaisin mo na lang talagang maging bola.

“Meron, pero hindi para sa ’yo,” sagot ni Gregorio bago bumaling kay Tim. “Ingat ka, pare. Kung ako sa iyo, bago mo seryosohin, tiyakin mo munang totoo ’yan,” payo nito bago siya muling nilingon at pinasadahan ng tingin.

Napangiti si Monica. Mabuti na lang girl scout siya. Laging handa. At least, prepared pa rin siya kahit hindi inaasahang makakaharap si Gregorio ngayon.

“Ano’ng ibig mong sabihin, Gregorio?” Lumabas siya ng gate.

Pinatalbog ni Gregorio ang bola. “Ipaalala ko lang, pare,” kausap nito kay Tim, “yung kasabihan tungkol sa mga bagay na kumikinang. Madalas kasi, totoo iyon.”

“Kasabihan?” ulit ni Tim, parang naguluhan.

“Not everything that glitters is gold,” klaro ni

Gregorio, pinapaikot ang bola sa dulo ng daliri.

At na-mesmerize si Monica.

“Ano? Hindi ka na nakaimik? Totoo kasi, di ba?” Hawak na ni Gregorio ang bola sa isang kamay. Sakop na sakop ng palad nito ang bola. At kung kanina ay naiinggit siya sa bola, ngayon, bigla siyang na-insecure.

Kasi naman! Ang bilog ng bola, nakayang hawakan ni Gregorio ng isang kamay lang. Sakop na sakop? Paano na ang... Napalunok si Monica.

Kailangan niyang makausap si Miss Toni! Hindi puwedeng sa push-up bra lang siya umasa! Magpapaturo siya ng mga exercises to improve her bust!

Kung hindi pa nito pinatalbog ang bola, hindi pa tuluyang babalik sa huwisyo si Monica. Napakurap siya. *Shutek!* Siya ang mang-aakit! Bakit nababaliktad yata?

Huminga siya nang malalim. Kailangan niyang mag-concentrate at paglabanan ang atraksyon sa binata. Panahon na para laruin ang baraha, ibababa na niya ang isa sa mga alas niya.

*Paglalaruan pala, ha? Pwes! Tingnan lang natin kung sino ang magpapaikot at iikot sa ating*

*dalawa!*

“Ah, spokening dollar, ha? Akala mo hindi ako maalam niyan?” Iniabot niya kay Tim ang tikoy na bigay ng ama nito.

Namaywang siya at disimuladong hinigit pababa ang laylayan ng tank top na suot. Hindi dapat mahalata ni Gregorio ang insecurities niya. Naka-wonder bra yata siya! At kahit papaano, malaki ang naitulong noon sa kanyang confidence level.

“Why not go direct to the point, mister?”

Hindi ihinihiwalay ang tingin sa kanya na muling pinatalbog ni Gregorio ang bola. Ngayon ay pinadaan pa nito ang bola sa pagitan ng mga hita.

“What I meant by not everything that glitters is gold, miss , is that sometimes, malapad na oily na noo ’yung kumikinang.” Nanunudyo ang ngiti nito.

“Aba’t!” Sa totoo lang ay na-conscious din siya. Dahil nagluluto siya kanina ay naka-clip ang bangs niya. Tinaggal niya ang clip at inayos ang bangs. Nakakabuwisit talaga ang lalaking ito.

Hindi yata effective ang push-up bra. Ang landing strip pa rin niya ang napansin ng



binatang ang sarap... Ang sarap... sarap ubusan ng hangin sa katawan sa pamamagitan ng mahigpit na yakap!

“For your information, I know for a fact that not everything that glitters is gold. At kung di man ako gold, hindi rin ako oily!” Inirapan niya si Gregorio.

“So, inaamin mo rin na tanso ka?”

Nanliit ang mga mata ni Monica. Huminga siya nang malalim. Tila na-distract ang kaharap at bumaba ang mga mata nito sa area na gusto niyang mapansin nito. Pinigil niya ang mapangiti nang makita kung saan ito nakatitig.

*Havey!* Gumana ang wonderful push-up bra!

Tinanggal niya sa pagkaka-ponytail ang buhok at hinayaan iyong yumungyong sa mukha niya, pati sa parte ng naka-expose niyang dibdib na tinitingnan ni Gregorio. Nang bahagyang matakpan iyon ay umangat ang tingin nito sa mukha niya.

Sa kabila ng distansya, halata niya ang pagnanasa sa mga mata ng binata.

Ngayon pa lang, maliwanag na kung sino sa kanila ang mapaglalaruan. Literal na manigas man si Gregorio, hindi siya papayag na

maisahan.

Gamit ang hintuturo ay itinulak niya sa balikat ang buhok na nakaharang sa tapat ng dibdib. Muling bumaba ang mga mata ng kaharap doon, at tila humigpit ang hawak nito sa bola.

“Ehem...” ani Monica. Nang muling mag-angat ng tingin si Gregorio ay nginitian niya ito.

“Hindi ako tanso. Mamahalin ako, mister. Euro ang presyo ko. Diamond ang level ko.”

Nakatiim-bagang ito.

“Halika na sa loob, Tim,” anyaya niya sa bisita. Kinuha niya ang tikoy mula rito dahil tila natulala na ang lalaki. Mukhang mas ito ang tinablan ng pang-aakit niya kay Gregorio.

Titig na titig ang manliligaw sa kanya. Iniabot ng binata sa kanya ang bouquet at ang box ng tsokolateng hawak nito.

“Oh, you’re so sweet! May pogi points ka na,” ani Monica.

# Chapter Four



“O kay, Tita Violet. Pupuntahan kita sa yayamaning subdivision kapag dumating na ang order mo,” ani Monica matapos isulat ang alahas na order sa kanya ng matanda.

Tapos na ang zumba session nila at habang nagpapahinga pa ang mga kasama ay pinakitaan kaagad niya ang mga ito ng brochure ng mga alahas. Tulad ng dati, lagi siyang may napapa-order.

“Monica, hija, natikman ko kina Aniceta ang gawa mong leche flan at talaga namang masarap. Gusto ko ’yung flavored leche flan mo. O-order din ako n’un.”

“Oh, sure Tita Millie! Anong pong flavor?”

Ilan at kailan mo kailangan?” Itinago na ni Monica ang brochure ng alahas sa bag at ang order notebook naman ang inilabas niya.

“Gusto ko ’yung langka flavor. Pati ’yung strawberry at blueberry. Oorder ako ng tigsasampu. Ipatatikim ko sa mga anak at apo ko sa birthday ko sa Linggo.”

“Okay, Tita.”

“Papupuntahan ko na lang sa driver namin. Puwede na ba iyon ng Sabado ng gabi?”

“Sabado ng umaga, Tita. Uuwi kasi ako sa amin kaya Sabado pa lang po ng umaga pakikuha na po.”

“Look at that hawt thang, cyst. Makalaglag-panty,” kinikilig na bida sa kanya ng bagong lapit na si Miss Toni. Kinalabit siya nito at pasimpleng itinuro ang lalaking nakasandal sa kotse, nakatingin sa gawi nila.

Si Gregorio.

Natawa si Monica. Iyon kasi mismo ang nasabi niya noong una silang magkaharap ng binata: makalaglag-panty.

“Jusko, cyst, nalabas ang naturalesa ko! Kung knowsing ko lang na may masa-sight aketch na papable, nag-long gown sana aketch.”

Sa unang tingin ay aakaling straight na

straight si Miss Toni. Maraming babae ang naakit dito noon. Maging siya ay napeke din nito noong una. Paano ba naman ay maskulado, tipong si Rogelio sa *Eat Bulaga*. Maalaga rin ito sa katawan. Iyon nga lang, kapag nakausap at kumendeng na ito, saka matutuklasan ang tunay na kulay ng macho-guwapitong zumba instructor.

“Panganay na anak ’yan ni Mommy A. Si Gregorio.”

“Ay! Dumating na pala ang boylet mo?” impit na tili nito na akala mo ay totoong boyfriend niya ang binata.

“Marinig ka. Baka sabihin pinapantasya ko talaga siya,” saway ni Monica. Napatingin din siya sa lalaki at napansing hindi lang sila ni Miss Toni ang nakatingin dito. Maging ang ilang titas at lolas na kasama sa session ay nakatitig din sa binata. Kahit ang mga kadalagahan na nakatambay sa plaza ay ini-inspect din ito gamit ang mga mata.

“Huwag nga aketch, cyst! Knowsing kong pinapantasya mo ’yan! Kahit aketch, ngayon ko lang na-sight ’yan, pero mamaya, tiyak siya na ang star ng wet dreams ko,” sabi pa ni Toni na kinagat ang labi. Nakatitig pa rin ito sa binata

na kausap na ng ina nito.

“Sasabihin ko ba kay Mommy A na gusto mong makadaupang-palad ang anak niya?” Kahit ganoon magsalita ay mahiyain talaga si Miss Toni.

“Puwede bang lampas pa sa palad? Jusko, cyst! Hitsura pa lang, yummy na!”

“Sure kang yummy ’yan?”

“Naku, cyst, sa dami na ng lalaking nakita at nakadaupang-palad ko, kahit malayo ay kabisado ko na kung jutay o daks. At sa built n’yan, kahit ganito kalayo, itataya ko ang hymen ko. Sigurado aketch na daks ’yan!”

Natawa si Monica at napailing na lang sa kalokohan ng zumba instructor. Pero kung pagbabatayan ang umbok sa harapan ng pantalon ni Gregorio noon, masasabi rin niyang daks nga ang binata.

“Nakatingin ditetch ang boylet mo,” ani Miss Toni.

Napatingin tuloy si Monica at nakasalubong ang mga mata ni Gregorio. Halos mag-isang linya na ang mga kilay ng lalaki.

“Imvey yata, cyst?”

“Hayaan mo lang. N’ung nakaraan pa ’yan ganyan. Daming issue sa akin.”

“Anetchiwa ang ni-do mo at bakit mukhang imvey siya sa 'yo?”

“Wala akong ginawa sa kanya,” depensa ni Monica. “I mean, wala pa masyado. Slight pa lang.” Bago pa lang nag-uumpisa ang plano niya. Hindi siya papayag na maging libangan ng lalaki. *No way!*

Over her beautiful face and sexy body!

Ito ang gagawin niyang libangan. Iyon ang igaganti niya sa pagiging judgmental nito.

“Monica, anak, halika na,” ani Mommy A habang naglalakad palapit sa kanila.

“Anak talaga?” bulong ni Miss Toni, kinurot siya sa tagiliran. “Gandara! Kaasar ka!”

“What can I say? I’m fabulous!” Kinindatan niya ito bago bumaling sa ibang kasama, “See you next week, fabulous momshies! Salamat po sa order. Kung may hahabol pa, chat lang po!” Nag-flying kiss pa siya sa mga ito bago tuluyang tumalikod, umabrisiete sa braso ni Mommy A.

“Narinig kong um-order si Millie ng leche flan.”

“Yes, Mommy. O-order ka rin po?”

“Oo. Sampung piraso. Paborito ni Goryo iyon. Nagustuhan n’ya ‘yung twist sa leche flan mo.”

“Okay, Mommy. Isasama ko sa order. Papasobrahan ko pa po ng dalawa. Lalagyan ko po ng pananda. Huwag n’yo pong kakainin, ha. Lalagyan ko po kasi ’yon ng gayuma. Pampabait. Pampaamo.”

Tumawa ang ginang. “Ikaw talagang bata ka, napakabilyaka. Napakapilya.”

“At saka po napakaganda,” dagdag ni Monica. Ngumiti siya nang magtama ang mga mata nila ni Gregorio na sa pagtataka niya ay napakaseryoso pa rin ng mukha. Hindi niya napigilan ang pagtaasan ito ng kilay.

Bago sila makalapit sa kotse ay tinawag ni Tita Norma si Mommy A. “Una ka na, anak. Aalamin ko lang ang kailangan ni Norma,” sabi nito at sinalubong ang kaibigan na nasa kabilang direksyon ng sasakyan.

Itinuloy niya ang paglalakad palapit sa binata.

Pinasadahan ni Gregorio ng tingin ang kabuuan niya, nasa mga mata ang paghanga.

“Magkano ang offer sa iyo n’ung kausap mo kanina? Tatapatan ko.”

Umangat lalo ang kilay niya. Sinusubukan talaga siya ng lalaking ito. Hindi por que attracted siya rito ay magpapadala na siya sa



tukso. Aabot sila sa dulo na hindang-hindi siya susuko. Hindi siya papayag na mapaglaruan nito.

“Nasabi ko na sa iyo kung magkano, di ba? Patingin muna ng bank accounts mo para mas mapabilis ang pagdedesisyon ko,” sagot niya.

Umigting ang panga ng kaharap at huminga ito nang malalim.

Napaawang ang mga labi ni Monica at hindi niya inaasahan ang masarap na kilabot na nanulay sa buo niyang katawan. Pilit niyang pinaglalaman ang kung anong init sa sikmurang unti-unting binubuhay ng mainit na titig ng kaharap.

Mula sa kanyang mga mata ay bumaba ang tingin nito sa kanyang mga labi. Nakita niyang gumalaw ang Adam’s apple ng binata.

Kinapos ng hininga si Monica. Dapat na yata siyang matakot sa intensidad ng emosyon sa mga mata ni Gregorio.

At nagrigodon ang puso niya, pero hindi dahil sa takot. Excitement ang nararamdaman niya.

Hanggang sa umismid si Gregorio. “Alam natin parehas na kahit walang bayad, papayag ka.”

Umiling si Monica, “Diyan ka nagkakamali. Na-stalk mo naman ang *Facebook* page ko, di ba? May nabasa ka ba doon na free ang merchandise ko? Lahat ’yon may presyo.”

Nanliit ang mga mata nito. “Alam ko ang modus mo, Monica. Wala pa ako rito, gusto mo na ako. Kaya nga nakipaglapit ka sa pamilya ko, di ba? Huwag kang mag-alala, gusto naman kita. Pero kung inaakala mong sa altar kita gustong isama, nagkakamali ka.”

“Sure. Sasama ako sa iyo. Sabi ko nga, basta tama ang presyo.” Itinaas niya ang mukha.

Lumapit ito at niyuko siya. Ang mainit na hininga nito ay tumatama sa kanyang mukha.

“Isang halik ko lang, sigurado akong sasama ka sa akin, may bank account man akong ipakita o wala.”

“Sorry to disappoint you, wala nang free sa mundo.” Inismiran niya ito.

Kinagat ni Monica ang dila para paglabanan ang atraksyong unti-unting nagpapalabo sa kanyang isip. Ayaw man niyang aminin, di malayong magkatotoo ang sinasabi ng binata. Pero magugunaw na muna ang mundo bago niya bigyan ng kasiyahan ang lalaking ito.

Hindi siya papayag na maging libangan nito,

hindi siya papayag na maging laruan.

Ilang segundo silang nagsukatan ng tingin.

“Tara na, mga anak. Sa bahay n’yo na ituloy ‘yan,” ani Mommy A na sumakay na sa kotse.

Ikiniling ni Monica ang ulo, bahagya pang pinapungay ang mga mata bago bumulong sa binata. “Basta ma-meet mo ang presyo ko, sasama ako. Derecho sa kuwarto mo.” Kinindatan niya pa ito bago sumakay sa backseat.



“Tanghali na, ngayon ka pa lang nagwawalis?” pang-aasar ni Gregorio pagtapat ng lalaki sa gate ng mga ito. Naka-motor ito, may hawak na supot.

“Bakit ba lahat ng gawin ko affected ka?” Ibinaba ni Monica ang walis sa tabi ng naka-expose na hita. Aba, hindi naman nakakahiyang ibilad iyon, makinis, maputi, bilugan.

Gamit na gamit niya ang Girl Scout motto. Kahit na sa unang tingin ay mukhang hindi siya handa, pinaghandaan talaga niya ang paghaharap nila. Inaral niya ang karaniwang oras ng pagbili nito ng pandesal. At katulad ng mga #WokeUpLikeThis sa social media, ganoon din ang peg niya.

Ang damit niya ay simpleng pambahay

lang, pero highlighted ang mga kurba at hiram na klibada. Naka-‘no makeup’ makeup pa siya, kahit ang aga-aga.

Hindi sumagot ang lalaki, pinasadahan lang ng tingin ang kabuuan niya.

Bahagya siyang yumukod at hinawakan na ulit ang walis. Aba, sayang ang figure na ilang minuto niyang sinipat sa salamin kung hindi mapapansin nito.

Gusto niyang tumawa nang tila mapipi ito, napatitig na lang sa kanya. Ha! Matitikman nitong muli ang bagsik ng kanyang ganti! Ang garter ng brief nito ang sisirain niya.

Umangat ang sulok ng mga labi ni Monica.

Mula sa pagwawalis ay bahagya niyang itinaas ang mukha. “Ano na? Kung nagpapakita ka na sana ng bank account, hindi lang tingin ang magagawa mo.”

Naningkit ang mga mata ni Gregorio at humigpit ang hawak nito sa paper bag na dala.

“Good morning, Nic,” bati sa kanya ni Marky na bagong labas sa gate. Lumapit ito sa kapatid at hinawakan ang unahan ng motor. Bumaba si Gregorio at si Marky naman ang sumakay.

“Good morning to you, too, Macario.” Binigyan niya ito ng matamis na ngiti. Lihim na

nagpasalamat siya sa distraction na hatid nito.

“Ito, laging buong pangalan ang tawag sa akin.”

“Bakit, ikinahihiya mo?” Tumigil siya sa pagwawalis.

“Payag naman ako na iyan ang itawag mo sa akin, basta payag ka rin sa gusto ko.”

Napailing si Monica. Sa sulok ng mga mata niya, kita niya kung paano siya patuloy na bistahan ng kuya nito. At nailang siya sa init na hatid sa kanya ng pagtitig ng binata.

Huminga siya ng malalim, pasimpleng niyoko ang sarili. Umusal siya ng pasasalamat, hindi siya lugi sa biniling push-up bra.

“Sige, payag na ako, basta tama ang presyo.”

Kumamot ito sa ulo, “Itong si Nic, parang wala tayong pinagsamahan.”

“Wala talaga! Hindi mo pa ako ma-afford, di ba? At saka alam mo naman ang motto ko, money makes the world go round. Magbayad ka, serbisyuhan kita.” Nagkibit-balikat siya.

“Sige na nga. Magkano ba?”

“Marky, tatanghaliin ka, bubuksan mo pa ang shop,” sabat ni Gregorio na salubong ang mga kilay. “At’yung sinabi ko sa iyo, nakalimutan mo na ba?”

“Alin do’n, Kuya? Ang dami n’on, hindi ko matandaan kung alin.”

Sumulyap sa kanya si Gregorio, nakakunot ang noo. Gusto niyang matawa sa hitsura nito. Gusto niyang isipin na selos ang naroon sa mga mata nito.

“What can I say? Mabenta ako. Kapatid mo ang may kailangan sa akin. At willing siyang magbayad. So...”

Nagtangis ang mga bagang nito, tumalikod at pabalabag na isinarado ang gate.

Napahabol na lang ng tingin si Marky sa kuya nito. “Ano’ng nangyari dun?”

Nagkibit-balikat si Monica, ikinubli ang ngiti.

“Ano’ng meron sa inyo ng kuya ko?”

Natawa na siya nang tuluyan. “Wala.”

“Macario, umalis ka na!” sigaw ni Gregorio mula sa loob ng gate.

Napailing si Marky at binuhay na ang makina ng motor. “Alis na nga ako. Baka madamay pa ako sa gulo n’yo.”

# Chapter Five



"Good morning, Nic," bati ni Marky sa kanya. Palabas na ito ng gate, akay ang motor. Tinanguan niya ito. "Saan ang punta mo? Ang aga, ah."

"Sa tindahan n'yo. Pi-pick-up-in ko na kay Becks 'yung mga order ko. Maaga ako kasi kagabi pa nasundo 'yung mga bata. Mag-a-out of town daw sila sabi n'ung lola."

"Mag-o-open na rin ako ng shop. Sumabay ka na sa akin."

"Babagalan mo ang patakbo?" aniya, itinuro ang motor.

Napatingala siya sa lalaking lumabas ng terasa sa ikalawang palapag ng bahay, may

hawak na mug at dyaryo, halatang bagong ligo pero shorts na yari sa patahian ng ina at T-shirt na gupit ang manggas ang suot nito. Mukhang kuwarto nito ang mismong katapat ng bahay ng ate niya.

“Buo na ba ang araw mo?”

“Ha?” Napakunot-noo siya pero hindi nilingon si Marky, nakatingala pa rin sa binatang hindi yata napansin na naroon sila sa baba. Kinuha ni Monica ang cellphone at izinoom ang camera para mas mabistahan si Gregorio.

“At hindi pa talaga nakuntento sa tingin. Kinuhaan pa. Gusto mo nakatingin? Tawagin ko si Kuya,” ani Macario na hindi man lang itinago ang panunudyong sa boses.

“Huwag kang assuming diyan! Gagamitin ko ito kasi ipapakulam ko na iyang kuya mo,” ani Monica, nakatingin pa rin sa screen ng cellphone, pinagmamasdan ang lalaki na nakaupo at nag-umpisa nang buklatin ang dyaryo. Napangiti si Monica bago pinindot ang camera.

Ang halakhak ni Marky ang dahilan kaya napalingon sa kanila ang lalaking ilang ulit pa niyang nakunan ng stolen shot.

“Kuya!” ani Marky. “Si Nic, may balak sa iyong masama!”



“Ano?” pasigaw na tanong ni Gregorio.

“Gagayumahin kita, aakitin ’tapos uubusin ko ang pera mo!” ani Monica kay Gregorio. “Itanong mo pa dito kay Macario!”

Lalong lumakas ang tawa ng huli. “Loka-loka ka talaga, Nic.”

Umismid siya at sinulyapan ang lalaking tuluyan nang binitiwang at hawak ang mug na tumingin sa kanila.

“Uuna na ako sa ’yo,” paalam niya kay Marky nang makatanaw ng tricycle na palapit sa gawi nila.

Nabanggit ng nanay niya na nitong mga nakaraang araw ay laging masama ang pakiramdam ng tatay niya. Sinabihan niyang magpa-check-up, pero ayaw raw ng ama niya. Nakukuha pa naman daw sa pag-inom ng mga over the counter na gamot ang sama ng pakiramdam nito.

Pag-uwi ay hahanap siya ng makakatulong ng ama sa bukid at sa pag-aalaga ng mga itik nila.

“Sa akin ka na sumabay. Para may gwapong driver ka na, libre pasahe ka pa.”

Natawa siya. “Nakumbinsi mo ako du’n sa libreng pasahe.”

“Sa guwapong driver, hindi?”

Bahagya niyang nilukot ang mukha bago inabot ang isa pang helmet na kinuha ni Marky sa utility box. Isinuot na rin nito ang sariling helmet. Pagsakay niya sa motor ay tinapik niya ito sa balikat bago kumapit doon. “Dahan-dahan lang, ha!”

“Oo. Huwag kang mag-alala. Di kita gagagasan. Takot ko lang kaya sa...”

Hindi niya masyadong naintindihan ang huling sinabi nito. “Ano?”

“Wala, 'ka ko takot ko lang masaktan ka.” At pinatakbo na nito ang motor.

Nagbubukas ng tindahan si Rebecca nang dumating sila. Ngumiti ito sa kanila.

“Nic naman. Please. Pumayag ka na,” pangungulit ng lalaki nang iabot niya rito ang hinubad na helmet.

“Pag-iisipan ko.”

“O-order ako ng isandaang leche flan, pumayag ka lang.”

Umangat ang kilay niya. “Magtitino ka na? Hindi mo na ako ipapahiya?”

“Hindi na. Promise. Seryoso na talaga ako ngayon.”

Pinaningkitan niya ito ng mga mata.

Sinalubong nito ang tingin niya. Seryoso nga ang tinamaan ng magaling. Ngumiti siya at itinaas ang kamay, nakipag-pinky swear dito bago binati si Becky.

“May bagong designs ng damit na dinala si Hannah kahapon,” balita nito. “Tingnan mo, baka magustuhan mo.”

“Marky, pag dumating ’yung tao dito sa kabila, sabihan mo ako, ha?” ani Monica. Itinuro niya ang nakasarado pang cell phone store.

“Bakit?” nakakunot-noong tanong nito.

“Basta! Huwag kang chismoso. Sumunod ka na lang.” Muli siyang bumaling kay Rebecca.

“Kumusta ang panliligaw ni Tim sa ’yo, Ate? Nag-aalala ako na baka paasa ang isang ’yun.”

“Ewan. Pero mahirap pumatol sa lalaking paasa, ’tapos sa huli sasaktan ka lang. Dinaanas ko na ’yan,” aniya habang iniisa-isa ang mga order niya.

“Payag na akong tumandang dalaga kung hindi ako makakakita ng lalaking seseryosohin talaga ako. ’Yung sa dambana ako dadalhin at hindi sa kama lang ang gusto.”

Napangiti si Monica. Umasa rin siya na sa dambana ang hantungan ng unang relasyong pinasok. Bumuntong-hininga na lamang siya at

hindi na nagkomento.

Makalipas ang ilang sandali ay bumalik si Marky sa RTW shop. “Nic, dumating na ’yung katiwala nina Tim.”

“Siya! Ako’y lalarga na.”

“Tinataguan mo? May atraso ka ba sa kanila?”

“Wala, ha! Sila nga ang gusto akong masilo. Ganda ko kasi,” sagot niya.

Nakailang balik na rin si Tim sa bahay nila. Hindi ito nagtatagal, binibigyan lang siya ng kung ano-anong pasalubong, pagkatapos ay aalis na rin.

“Wow! Ang humble mo, Nic,” natatawang sabi ni Marky na nakalapit na sa counter.

“Macario, akala ko magbubukas ka ng motor shop?” kunot-noong tanong ni Gregorio pagpasok sa tindahan.

Umangat ang kilay ni Monica. Ang bilis naman nito. Nagkakape pa sa terasa, nandito na kaagad?

“Bukas na ang shop, Kuya. Pumunta lang ako rito saglit kasi may sinabi ako kay Nic.”

Nanliit ang mga mata ni Gregorio. “Ilang beses ko ba dapat ulitin ang warning ko sa iyo, Macario?”

“Hala, lakad na. Baka magarote ka ng kuya mo,” anang natatawang si Monica.

“Kapag ako nagarote ni Kuya, babawasan ko ang leche flan na order ko. Lakas ng gayuma na ginamit mo, baka tuluyang mabaliw sa iyo ang kuya ko,” bulong ni Marky bago naglakad palayo.

“Hoy! Macario! Touch-move ’yon! Nasabi mo na, pangatawanan mo! Nag-expect na kaya ako! Ibibitin mo ako sa ere! Huwag gano’n, bro!”

“Kung anuman ang usapan n’yo ni Marky, ako na ang sasalo,” ani Gregorio, salubong pa rin ang mga kilay, pero napansin ni Monica ang bahagyang pagbaba ng tingin nito sa parte ng polo shirt niya na nakabukas.

Partida! Gumagana talaga ang push-up bra!

“Puwede rin, Nic. Tatal si Kuya Greg naman ang nakaubos ng leche flan na in-order ni Nanay sa iyo noong nakaraan. Halos hindi na nga kami bigyan,” sumbong ni Marky bago tuluyang lumabas ng tindahan.

“Talaga?” Bumaling siya sa lalaki. Binigyan niya ito ng ngiti na kasing-tamis ng leche flan. Bahagyang gumalaw ang Adam’s apple nito. Kahit pilitin nitong mag-astang bato at galit, alam niyang apektado ito. “Alam mo, Gregorio,

guwapo ka sana, kaso...” Tiningnan niya ito mula ulo pababa, bago muling tiningnan ito pataas hanggang sa magtama ang kanilang mga mata.

“Kaso ano?”

“Kaso poor ka yata. Sa panahon ngayon, hindi na puwede ang basta guwapo lang, dapat mapera.”

Bago pa ito makasagot ay nakabalik na ulit sa tindahan si Marky. “Nic, nandiyan na rin si Tim.”

“Uh-oh!” ani Monica. Kailangan na niyang umeskapo, dahil tiyak kasunod na darating si Mr. Shen. Gusto niyang makauwi nang maaga sa Laguna.

“Salamat, Becks.” Kinuha na niya ang naka-plastic na mga order. “Tuloy na ako.”

Pero paglampas kay Gregorio ay hinagip siya nito sa braso. “Pagkatapos ni Macario, si Tim naman ang aakitin mo?” Madilim ang mukha nito.

Umangat ang kilay niya. “Kung binabayaran mo na ba ako, eh, di sana sa ’yo na ang buong atensyon ko.”

Hindi niya magawang higitin ang brasong hawak nito. Hindi niya maintindihan pero gusto

niya ang init na nagmumula sa mga kamay nito. Tila gumuguhit iyon sa puso niya, bumabalot doon.

At sa kasamaang palad, namagneto pa siya sa titig nito. Napatuon ang atensyon niya sa mapupulang labi ng binata. Napalunok siya, umawang ang mga labi bago muling tumitig sa mga mata nito. Nabasa niya ng dila ang nanunuyong mga labi.

Umismid si Gregorio. “Tama ako. Kahit libre, papayag ka. Pero huwag kang mag-alala, nakahanda na ang bank account ko. Sa laki no’n, may karapatan akong mag-demand kung gaano katagal ang magiging serbisyo mo,” sabi nito sa tapat ng bibig niya.

Bumalik ang huwisyo niya kasabay ng panlalambot ng mga tuhod. “Ako ang magsasabi kung sapat ang pera mo. At ako rin ang magsasabi kung gagano katagal ang ibibigay ko sa iyong serbisyo.”

Hinigit ni Monica ang kamay at lumabas na ng tindahan. Hindi niya nilingon si Mr. Shen na bumati sa kanya. Kailangan niyang makalayo.

Hindi pala effective ang reminder niya sa likod ng pinto. At mukhang napahamak siya kaysa napabuti dahil sa push-up bra. Na-expose

na ang cleavage niya, sumama pa ang puso niya.

Kailangan na niyang umalis. Hindi lang para iwasan si Tim at ang ama nito kundi pati si Gregorio. Baka kapag nagtagal pa siya, masanay siya sa presensya nito.

Kailangan niyang i-remind ang sarili na hindi niya bet si Gregorio.

Nasisira ang plano niya. Hindi siya kundi si Gregorio ang dapat ma-fall.